

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-17 ng Abril 2020

UPDATE MULA SA KEMH

Isang batch ng animnapu't apat (64) na swabs ay naproseso na ngayong araw sa UK, at wala ni isa sa kanila ang lumabas na positibo para sa COVID-19.

Sa kabuuan, tatlong-daan at labing-siyam (319) na samples na ang naipadala sa UK sa ngayon – na may bumalik na labing-isang (11) indibidwal na positibo sa COVID-19.

Patuloy na nangongolekta ng swabs ang KEMH para ipadala sa susunod na South Atlantic Airbridge.

Sa ngayon ay wala ng mga pasyente na may sintomas ng COVID-19 sa KEMH.

Ang dalawang pasyente na lumabas na positibo at tumanggap ng pangangalaga sa KEMH ay gumaling at nakalabas na.

Siyam na iba pang mga indibidwal, na galing rin sa Mount Pleasant Complex, ay nananatili doon sa isolation bilang bahagi ng patuloy na pagsasaayos ng MPC para sa pagharap sa mga posibleng kaso. Ang apat sa kanila ay naka-kumpleto na ng kanilang isolation.

Bilang bahagi ng kontribusyon ng BFSAI sa pag-responde ng Falkland Islands sa COVID-19, anim (6) na miyembro ng 16 Medical Regiment team ay nagsimula ng makipagtrabaho kasama ng mga staff sa KEMH, pagkatapos nilang makumpleto ang self-isolation pagkarating nila mula sa UK.

Kasama na kanilang mga espesiyalistang kasanayan, nagdala rin ang team ng medical supplies at mga kagamitan, at karagdagang anim (6) na ventilators, bilang dagdag sa pag-aari ng ospital na siyam (9) na ventilators.

Tandaan: Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam at nakararanas ng sintomas tulad ng sa trankaso at ikaw ay nag-aalala na maaaring ikaw ay may COVID-19, tawagan ang ospital sa numerong 28000. Magbibigay ng abiso ang staff. HUWAG direktang pumunta sa KEMH.

MGA HAKBANG PARA SA EKONOMIYA

Ang Executive Council ay nagpasa na ng isang komprehensibong pakete o package ng mga bagong hakbang para tulungan ang ating mga negosyo, mga empleyado sa pampribadong sektor, at mga sambahayan.